PALIKHA NG MGA ALAALA

A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Sis. Techie M. Rodriguez

Oktubre 17, 2026

Ang paraan ng pamumuhay natin ang nagiging pamana natin. Tulad ng pagtalima si Josue at ng sambayanang Israel sa mga tagubilin ng Diyos na siyang naghatid sa makapangyarihang pagtawid sa Ilog Jordan, ang kanilang naging karanasan ay naging isang panghabang buhay na patotoo ng presensya, lakas, at katapatan ng Dakilng Lumikha-isang gunitang patuloy na nagpapasigla sa atin na manalig at sumunod sa Kanya.

1. JOSUE 3: ANG PAGTAWID SA ILOG JORDAN

1.1. Hinarap ng mga Israelita ang umaapaw na Ilog Jordan-isang balakid na tila hindi kayang malampasan. Ngunit inatasan sila ng Diyos na sumunod sa Kaban ng Tipan na siyang sagisag ng Kanyang presensya. *Ipinaalala nito sa atin na ituon ang paningin sa Diyos na sa halip sa ating kalagayan, at manalig sa Kanyang pag-akay maging sa mga panahon ng pagsubok.*

1.2. Nang itapak ng mga saserdoteng may dala ng kaban ang kanilang mga paa sa tubig, pinatigil ng Diyos ang agos ng ilog upang makatawid ang sambayanang Israel sa tuyong lupa. Ang himala ay nahayag sa kanilang pagtalima sa utos ng Diyos at sa paghakbang na may pananalig. Isa itong paalala na marapat nating pagkatiwalaan ang mga plano ng Diyos (Jeremiah 29:11).

1.3. Hinayaan ng Diyos na harapin ng mga Israelita ang umaapaw na ilog at iniutos sa kanila na magpatuloy nang may pananalig. Itinuturo ito sa atin na hindi natin dapat hayaang hadlangan tayo ng takot o ng mahihirap ng sitwasyon sa pagsunod sa Diyos. Habang humahakbang tayo nang may pananalig, nasasaksihan natin ang Kanyang kapangyarihan at makagagawa tayo ng walang hanggang alaala ng Kanyang katapatan.

2. JOSUE 4: ANG LABINDALAWANG BATO BILANG BANTAYOG NG GUNITA.

2.1. Inutusan ng Diyos si Josue na pumili ng 12 lalaki, isa sa bawat tribo, upang kumuha ng 12 bato mula sa Ilog Jordan bilang isang alaala upang ipaalala sa mga Israelita ang mga dakilang gawa ng Diyos at maipasa ang kwento ng Kanyang katapatan sa mga susunod na henerasyon.

2.2. Ang labindalawang bato ay nagsilbing paalala na naging tapat ang Diyos sa kanilang mga ninuno at mananatiling tapat sa mga susunod na salinlahi; maaaring magbago ang ating mga sitwasyon, ngunit ang Diyos ay nananatiling pareho kahapon, ngayon at magpakailanman *(Hebrews 13:8).*

2.3. Ang paglikha ng mga alaala ay higit pa sa pag-iipon ng mga sandali; ito ay tungkol sa pamumuhay na nag-iiwan ng patotoo sa katapatan ng Diyos. Kung paano ang 12 bato ay nagpaalala sa mga Israelita sa kung ano ang ginawa ng Diyos, ang ating buhay ay maaaring magsilbing paalala ng Kanyang kabutihan at kapangyarihan.

2.4. Maari tayong magtayo ng mga bahay, negosyo, karera, at reputayon, ngunit hindi lamang ang mga ito ang nagtatakda ng ating legacy. Ang bawat gawa ng pag-ibig, bawat sakripisyo, bawat salita ng pagpapalakas ng loob, bawat panalangin ay maaaring maging bahagi ng patotoo na nagtuturo sa iba patungo sa Diyos.

2.5. Bilang mga pinuno, magulang, at miyembro ng ating komunidad, tinatawag tayo upang ipamana sa susunod na henerasyon ang higit pa sa mga ministeryo, posisyon o tradisyon. Dapat nating isabuhay ang isang buhay ng panalangin, pagsunod, pagpapakumabba, paglilingkod, at pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang iglesia.

3. LIMANG (5) PRINSIPYO NG PAMUMUHAY NA NAG-IIWAN PANGMATAGALANG LEGACY:

3.1. Alalahanin ang mga ginawa ng Diyos .
3.2. Unawain natin na ang tawag ng Diyos ay may kalakip na pananalig at pagsunod.
3.3. Manatiling tapat sa gitna ng mga pagsubok at sakripisyo.
3.4. Ipagpatuloy ang paghubog sa isang henerasyon ng mga alagad.
3.5. Iparangal ang Diyos, huwag ang sarili.

KONKLUSYON

Magtayo tayo ng pangmatagalang espiritwal na alaala sa pamamagitan ng buhay pananalig at pagsunod. Nawa'y maalala tayo hindi dahil dakila ang ating mga pangalan kundi dakila ang Diyos na ating pinaglilingkuran. Sa ganitong paraan, ang mga alaalang ating binuo ngayon ang magiging inspirasyon ng susunod na henerasyon upang magtiwala, sumunod, at manatiling tapat sa Panginoon.

PAGNINILAY:

1. Kapag pumanaw ka na sa mundong ito, ano kaya ang mga maalala ng mga tao sa iyo?
2. Anong spiritual legacy ang iyong iniiwan para sa susunod na salinlahi sa ating komunidad?

SCRIBES Ministry
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Legasiya #alalala
https://lordsflock.org/teachings/digests/
https://www.facebook.com/share/p/1LyJZ6NtLn/